Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA PAARALANG ELEMENTARYA NG PAGSAWITAN NOONG IKA- 5 NG ABRIL, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ........... PANG. PUNONG BAYAN
on leave

KAPASIYAHAN BLG. 122-T'2000

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 53-T'99/ ORDINANSA BLG. 02-T'2000 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG ALIPIT HINGGIL SA ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) PARA SA TAONG 2000 NA PAGLALAANAN NG 20% PONDONG PANGKAUNLARAN NG NABANGGIT NA BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG ANIMNAPU'T TATLONG LIBO APAT NA RAAN SIYAMNAPU'T APAT NA PISO AT WALUMPUNG SENTIMOS (P63,494.80).

**SAPAGKA'T**, ang nasabing AIP ay ginawa ayon sa 20% Development Fund ng Barangay ng Alipit bilang pagtalima sa Kautusang Pampanguluhan o Executive Order No. 189;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, Louie C. de Leon at Angelito U. Limjuco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 03-T'2000/Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 2-T'2000 ng Sangguniang Barangay ng Alipit hinggil sa Annual Investment Plan (AIP) para sa taong 2000 na paglalaanan ng 20% pondong pangkaunlaran ng nabanggit na barangay na nagkakahalaga ng P63,494.80.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Manananggol at Sangguniang Barangay ng Alipit, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALPONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan